# Pag-alis sa iyong ari-arian

**Ang fact sheet na ito ay magbibigay sa mga nangungupahan ng impormasyon sa kung ano ang mga kailangang gawin sa pag-alis sa ari-arian ng Mission Australia Housing.**

**Ang pangungupahan sa Mission Australia Housing ay maaaring tapusin ng nangungupahan o ng organisasyon para sa iba't ibang mga kadahilanan. Anuman ang dahilan ng pagtatapos ng pangungupahan, inaasam ng Mission Australia Housing na masigurado na ang kanilang nangungupahanay mayroong impormasyon tungkol sa kanilang mga karapatan at responsibilidad sa pag-alis sa ari-arian at ang mga nangungupahan ay may suporta sa kanilang pag-alis.**

## Pagbibigay ng abiso sa pag-alis

**Kung pinagiisipan mo ang pag-alis sa Mission Australia Housing, mahalagang suriin mo ang kasunduan ng pag-upa at kausapin mo ang iyong Housing Manager upang malaman ang haba ng panahon ng abiso na kailangan mo ibigay.**

Ang haba ng panahon ng abiso sa pag-alis sa iyong ari-arian ay maaaring magbago depende sa estado kung saan ka nakatira, ang programang pabahay kung nasaan ka at kung ikaw ba ay naka fixed term o continuing na pag-upa. Kadalasan, ang mga nangungupahan ay hinihingan ng mula 7 hanggang 21 araw na abiso sa pag-alis.

Sa oras na matanggap ng Mission Australia Housing ang iyong abiso ng pag-alis, kami ay makikipag-ugnayan sa iyo upang ayusin ang inspeksyon ng ari-arian at pag-usapan ang mga hakbang sa pag-sauli ng iyong ari-arian.

## Pag-sauli ng iyong ari-arian

### Account ng upa

Mahalaga na siguradudhin na ang iyong rent at non-rent account ay napapanahon at wala kang anumang utang na pera sa Mission Australia Housing. Kailangan mong makipag-ugnayan sa Housing Manager para humingi ng kopya ng iyong rent statement at siguraduhin na magbayad ka ng tamang halaga hanggang sa petsa ng iyong pag-alis.

### Inspeksyon sa pag-alis

Ang Mission Australia Housing ay magsasagawa ng inspeksyon sa loob ng 5-7 araw bago ang pag-alis sa iyong ari-arian. Ang inspeksyon ay magbibigay sa iyo at sa Mission Australia Housing ng pagkakataon na suriin ang kalagayan ng ari-arian at siguraduhin na ikaw ay handang ibalik ang ari-arian sa Mission Australia Housing sa kalagayan nito nung nagsimula ng iyong upa (normal na pagkaluma ay katanggap-tanggap). Ang Mission Australia Housing ay magsasagawa rin ng inspeksyon sa loob ng 48 oras bago ang iyong pag-alis sa ari-arian.

Ikaw ay papadaluhin sa parehong inspeksyon at bibigyan ng pagkakataon na ayusin ang anumang isyu sa panahon na ito.

### Pag-sauli ng iyong susi

Mahalaga na isauli mo ang iyong mga susi sa Mission Australia Housing sa araw ng iyong pag-alis sa ari-arian o sa umaga kinabukasan. Kung hindi mo maisauli ang lahat ng susi, ang Mission Australia Housing ay patuloy na maniningil sa iyo ng halaga ng upa bawat araw hanggang sa maisauli ang mga susi.

### Ang iyong bond

Karamihan sa mga nangungupahan ay nagbayad ng bond o garantiya sa simula ng kanilang pag-upa. Ang bond kasama ang anumang interes na kinita ay ibabalik sa iyo kung wala kang utang na pera sa upa o anumang utang (tulad ng paggamit ng tubig) at ikaw ay aalis sa iyong ari-arian sa kaparehong kundisyon sa umpisa (normal na pagkaluma ay katanggap-tanggap). Ang iyong bond ay maaaring hingin ng Mission Australia Housing kung mayroon kang utang na pera sa iyong account. Anumang alitan tungkol sa bond ay didinggin sa State Based Tribunal o korte.

# Checklist sa Pag-alis

**Gamitin ang checklist na ito upang matulungan ka na masigurado na nagawa mo ang lahat ng kailangan gawin sa pagsauli ng iyong ari-arian sa Mission Australia Housing kung ikaw ay handa na umalis:**

## Paglilinis

**Siguraduhin na ang mga sumusunod ay nagampanan sa paglilinis ng iyong ari-arian:**

- ❒ Lahat ng basura ay naialis mula sa loob ng unit o bahay
- ❒ Linisin ang mga skirting boards, mga bintana, mga pader at mga pintuan kasama ang paligid ng hawakan ng pinto at mga switch ng ilaw
- ❒ Ang mga aparador sa kusina ay malinis ang loob at labas
- ❒ ang oven at kalan ay walang natitirang grasa o mga piraso ng pagkain
- ❒ ang range hood ay lilinisin kasama ang nasa paligid nito
- ❒ ang mga lababo sa kusina ay lilinisin
- ❒ ang mga marka sa pader ay tatanggalin. Kung saan may sabitan ng litrato na aprubado ng Mission Australia Housing, huwag tanggalin.
- ❒ ang mga carpet ay lilinisin at kung kinakailangan ay steam cleaned
- ❒ ang mga blinds ay lilinisin at tatanggalan ng alikabok
- ❒ lahat ng mga pinto, skirting boards at lahat ng mga bintana ay lilinisin ng mabuti
- ❒ ang banyo ay malinis bigyan ng atensyon ang lababo, mga amag, paliguan, at toilet
- ❒ linisin ang ibabaw ng mga pangharang sa ilaw at bentilador sa kisame
- ❒ tignan ang mga kisame at mga sulok ng pader kung may mga alikabok/sapot at tanggalin
- ❒ ang garahe ay malinis kasama ang mga basura at langis na nasa garahe at daanan ng sasakyan
- ❒ ang balkonahe at winalisan at lahat ng basura ay tinanggal
- ❒ ang mga damo ay binawasan at ang mga lawn clippings ay tinanggal
- ❒ walang mga kahon na maiiwan sa ari-arian
- ❒ ang pagpatay ng mga peste ay dapat kumpletuhin kung kinakailangan ayon sa napagkasunduan sa pangungupahan kung mayroong alagang hayop sa paligid

## Mga utility at sulat

- ❒ kanselahin ang account sa kuryente at anumang koneksyon na mayroon sa iyong ari-arian (gas, internet)
- ❒ ayusin sa Australia Post na ang mga sulat na para sa iyo ay ipapadala sa bago mong tirahan
- ❒ Ipaalam sa Mission Australia Housing ang bago mong titirahan
- ❒ Patayin ang lahat ng ilaw

## Council pick ups

**Karamihan ng mga council ay nagaalok ng libreng pagkuha ng gamit sa kanilang paligid.**

Ito ay malaking tulong kung ikaw ay lilipat at gustong dispatsahin ang mga kagamitan. Siguraduhin na ikaw ay makikipag-ugnayan sa council upang ayusin ang pagkuha ng mga gamit at huwag lang iwanan sa kalye o sa ariarian.

## Contact us

**Mission Australia Housing**
580 George Street
Sydney NSW 2000

1800 269 672

missionaustralia.com.au